American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-09, Issue-06, pp-20-41
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# Pagsusuri sa mga Piling Maikling Kuwento ni Efren R. Abueg: Repleksyon ng mga Isyung Panlipunan

Camargue A. David; Jean L. Pagobo; Merutche L. Canoy; Fe A. Varona
*Faculty, Buyong High School, Lapu-Lapu City, Cebu, Philippines*
*Faculty, Alesna Integrated School, Inc., Lapu-Lapu City, Cebu, Philippines*
*Faculty, Cebu City National Science High School, Cebu City, Cebu, Philippines*
*Associate Professor II, Graduate School, Cebu Technological University-Main Campus,*

**ABSTRAK:** Ang pananaliksik na ito ay naglalayong masuri ang mga maikling kwento ni Efren R. Abueg na tumatalakay sa mga isyung panlipunan, lalo na sa kanyang akdang “Mabangis na Lungsod”, “Sa Bagong Paraiso,” at “Sa Kamatayan ni Tiyo Samuel”, sa pamamagitan ng lente ng isyung panlipunan. Ang pagsusuri ay isinagawa gamit ang deskriptibong pagsusuring pangnilalaman upang matugunan ng pansin ang mga temang nauugnay sa kahirapan, di-pantay na pagtingin sa tao, at ang epekto ng mga estruktural na problema sa buhay ng indibiduwal. Pinili ng mga may-akda ng pananaliksik ang mga akdang ito dahil sa kanilang malinaw na pagtalakay sa mga isyung may kinalaman sa uri ng pamumuhay, karapatang pantao, at ang pakikisalamuha ng tao sa kanyang lipunan. Sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga aspeto ng pananaw, tono, damdamin, at mensahe o aral ng bawat akda, itinampok ang paraan ng pagpapakita ng mga akda ng kasaysayan at kalagayan ng lipunan. Ang pananaliksik ay nagpapakita kung paano ang mga akdang ito ay nagsisilbing repleksyon ng mga kontemporaryong isyung panlipunan, na patuloy na may kaugnayan at halaga sa kasalukuyang panahon. Ang mga resulta ng pagsusuri ay makatutulong upang mas mapalalim ang pag-unawa sa mga pangunahing tema ng panitikan ni Abueg, at kung paano ang mga isyung panlipunan ay naipapakita at naipapasa sa mga mambabasa.

***Mga Susing Salita:*** *Efren R. Abueg, Isyung Panlipunan, KuwenTuklas, Marxismo, Panitikang Pilipino*

## I. INTRODUKSIYON

Ang panitikan ay hindi lamang isang sining ng malikhaing pagpapahayag sa halip isa itong daluyan ng masusing pagsusuri sa lipunan, sapagkat naipapakita nito ang iba’t ibang problema sa komunidad na patuloy na humuhubog sa kamalayan ng mga mamamayan. Sa konteksto ng panitikang Pilipino, makikita sa mga akda ang mga suliraning dulot ng urbanisasyon, kahirapan, kolonyalismo, at pagbabago sa mga tradisyonal na ugnayan sa pamilya, gayundin ang mga usaping tulad ng hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian, diskriminasyon, at epekto ng migrasyon sa estrukturang panlipunan. Ang mga isyung ito ay nag-ugat sa matagal nang sistematikong hamon na kinakaharap ng bansa at patuloy na nagiging hadlang sa pagkamit ng isang makatarungan at pantay na lipunan, na lalo pang pinalala ng mga globalisasyong nagdudulot ng karagdagang hindi pagkakapantay-pantay (Villareal, et al., 2024). Ipinakita rin sa pag-aaral nina Edora, et al. (2022) ang patuloy na pag-iral ng *child labor* sa Pilipinas na dulot ng kahirapan, kawalan ng sapat na oportunidad sa edukasyon, at epekto ng globalisasyon sa ekonomiya. Bagamat may pag-unlad sa ekonomiya, nananatili ang mataas na bilang ng mga batang napipilitang magtrabaho upang matulungan ang kanilang pamilya. Sa pamamagitan ng pananaliksik sa panitikang naglalaman ng ganitong mga temang panlipunan, mas mauunawaan kung paano naipapakita sa mga akda ang mga hamong kinakaharap ng bansa at kung paano ito maaaring magbigay-liwanag sa kasalukuyang kalagayan ng lipunan.

Sa kasaysayan ng panitikang Pilipino, naging kilalang pangalan si Efren R. Abueg na isang bantog na manunulat, editor, at kritiko sa panitikang Pilipino. Nakilala siya sa kanyang mga sosyo-realistikong akda at makabuluhang kuwento na naglalantad ng iba’t ibang suliraning panlipunan (Morales, 2024)—mga temang matatagpuan din sa maraming akdang Pilipino na naglalarawan ng tunay na kalagayan ng lipunan. Sa kanyang akda, inilarawan niya ang masalimuot na epekto ng kahirapan, konserbatibong paniniwala, at kolonyalismo sa buhay ng mga Pilipino. Bilang pagkilala sa kanyang kahusayan, nakatanggap siya ng anim na Carlos Palanca Memorial Awards bilang patunay sa kanyang kahusayan para sa kanyang mga maikling kuwento sa mga taong 1959, 1960, 1963, 1964, 1967, at 1974 (Efren Abueg, n.d.). Siya ay naging kasapi ng grupong *Mga Agos sa Disyerto* at naging *writer-in-residence* ng Cavite Studies Center nang magretiro (Baquiran, 2010). Ilan sa kanyang mahahalagang akda ay nagsilbing kongkretong halimbawa ng kanyang panlipunang pagsusuri. Sa

*"Mabangis na Lungsod",* ipinakita niya ang matinding epekto ng kahirapan sa mga indibidwal na namumuhay sa isang urbanisadong kapaligiran—kung saan ang matinding kompetisyon, kawalan ng oportunidad, at marahas na katotohanan ng buhay sa lungsod ay naging bahagi ng kanilang pang-araw-araw na pakikibaka, habang sa *"Sa Bagong Paraiso",* isinadula niya kung paano hinubog ng mahigpit na paniniwala ng lipunan ang kamusmusan ng kabataan, na humantong sa lihim na paghahanap ng kalayaan at di-inaasahang kapalaran. Samantala, isinalarawan niya sa *"Ang Kamatayan ni Tiyo Samuel",* kung paano ginagamit ng makapangyarihan ang imperyalismo at paniniil upang panatilihin ang kanyang yaman at impluwensiya—na siyang nag-udyok sa kabataang tulad ni Felipe na lumaban sa panlipunang pang-aapi. Sa pamamagitan ng kanyang masusing pagsusuri sa mga isyung panlipunan, nagawa niyang gawing mas malapit sa kamalayan ng mambabasa ang mga hamong kinakaharap ng sambayanang Pilipino—mga hamong patuloy na lumilitaw sa panitikang Pilipino bilang isang salamin ng ating lipunan.

Ang mga isyung panlipunang matagal nang inilalarawan sa panitikang Pilipino ay nananatili pa ring bahagi sa kasalukuyang lipunan, na pinatutunayan ng iba't ibang pananaliksik at estadistika. Ayon sa datos mula sa Philippine Statistics Authority (PSA, 2024), bumaba ang poverty incidence sa Pilipinas mula 18.1% noong 2021 patungong 15.5% noong 2023, na nangangahulugang humigit-kumulang 17.54 milyong Pilipino ang patuloy na nabubuhay sa ilalim ng poverty line, na nagpapakita ng patuloy na hamon ng kahirapan sa bansa. Samantala, isang pag-aaral ni Hu (2024) ang nagsasaad na ang urbanisasyon ay nagdudulot ng matinding epekto sa pisikal at emosyonal na kalagayan ng mga mamamayan, kung saan ang matinding kompetisyon sa trabaho, kawalan ng disenteng pabahay, at polusyon ay nagiging pangunahing suliranin. Dagdag pa rito, ang maagang pagbubuntis ay nananatiling isang seryosong isyu sa Pilipinas; noong 2019, naitala ang 180,916 na live births mula sa mga kabataang may edad 10-19, na katumbas ng 495 na panganganak kada araw sa nasabing pangkat ng edad. Ang mga salik na nagtutulak sa maagang pagbubuntis ay kinabibilangan ng kakulangan sa edukasyon, limitadong oportunidad sa ekonomiya, at impluwensiya ng kapaligiran, na nagdudulot ng malalim na epekto sa pisikal at emosyonal na kalagayan ng mga kabataan, at madalas na nagreresulta sa siklo ng kahirapan at limitadong oportunidad sa hinaharap (Manzanilla et al., 2024). Ang mga temang ito ay malinaw na inilahad sa mga akda ni Abueg, na nagsisilbing salamin ng mga kasalukuyang kalagayan sa lipunang Pilipino.

Ang pag-aaral na ito ay isang pagsusuring pampanitikan na naglalayong tuklasin kung paano inilalarawan ni Abueg ang mga suliraning panlipunan sa kanyang mga akda, gaya ng kahirapan, kawalan ng katarungan, at iba pang anyo ng pagdurusa ng ordinaryong mamamayan (Abueg et al., 2010). Ipinakita ng panitikan ang kapangyarihan nitong itampok ang tinig ng mga inaaping sektor sa lipunan, gaya ng mga manggagawa, kababaihan, at minorya, upang maipahayag ang kanilang karanasan at pakikibaka sa gitna ng sistematikong dominasyon (Latha & Albert, 2024). Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa mga tauhan, banghay, simbolismo, at istilo ng pagsasalaysay, mas mauunawaan kung paano inilarawan ni Abueg ang mga pang-araw-araw na hamon ng mga Pilipino at kung paanong ang panitikan ay nagiging isang makapangyarihang kasangkapan sa pagbubunyag ng suliraning panlipunan. Sa kontekstong ito, maaaring matuklasan ang mas malalim na mensahe ng kanyang akda at kung paano ito patuloy na may kaugnayan sa kasalukuyang panahon. Bukod dito, ang pananaliksik na ito ay nagbibigay-daan sa isang mas mapanuring pagbasa ng panitikang Pilipino, na makakatulong hindi lamang sa pagpapalawak ng kaalaman tungkol sa ating kultura, kasaysayan, at pambansang identidad. Dagdag pa rito, maaaring maging kapaki-pakinabang ito sa larangan ng edukasyon at panitikan, sapagkat maaari itong maging batayan sa pagtuturo ng mas malalim na pagsusuri sa mga akdang pampanitikan at sa pagpapalakas ng kritikal na pag-iisip ng mga mambabasa.

Bilang mga gurong mananaliksik, inaasahan naming mailapat sa pagtuturo ang mga natuklasan sa pagsusuring ito upang magamit ng mga mag-aaral bilang gabay sa mas malalim na pag-unawa sa panitikang Pilipino at sa mga temang panlipunang nakapaloob dito. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga akda ni Abueg, ninais naming mahikayat ang mga mag-aaral na maging mas mapanuri sa pagbasa ng panitikan at mapalakas ang estratehiya sa pagsusuri at paggamit ng mga *authentic prompts* na makakatulong upang mapabuti ang pagkatuto at ang pangkalahatang karanasan ng mag-aaral sa literasiya (Pineda Jr., 2024). Bukod pa rito, ayon sa pag-aaral ni Valdez et al. (2023), mahalaga ring itaguyod ng mga guro ang kultura ng pagbabasa sa loob ng klase upang mapalakas ang kasanayan sa pagbasa at pagsusuri ng mga mag-aaral. Higit pa rito, ang ganitong uri ng pag-aaral ay maaaring magamit upang hikayatin silang makilahok sa talakayan, ipahayag ang kanilang sariling pananaw, at pag-isipan ang mga posibleng solusyon sa mga problemang panlipunan na inilalarawan sa panitikan. Sa ganitong paraan, hindi lamang nila masusuri ang kagandahan at kahalagahan ng panitikan sa halip maipapakita rin kung paano ito maaaring maging isang mabisang daan tungo sa pagpapalawak ng kanilang pananaw at pakikisangkot sa lipunan.

Inaasahan sa pag-aaral na ito na mabibigyang halaga ang mga piling akda ni Efren R. Abueg lalong-lalo na ng mga mag-aaral gamit ang lesson exemplar na nakabatay sa kasalukuyang kurikulum—ang Matatag Curriculum. Sa ginawang pag-aaral ni VanHuist at Ybema (2019) na pinamagatang "From What to Where: A Setting Sensitive Approach to Organizational Storytelling," ayon sa pag-aaral na ang tagpuan ng isang panitikan ay konteksto sa isang pangyayari kung saan ito ay nagbibigay ng kaugnayan sa lipunan. Ito ay nakatutulong nang malaki sa pagbuo ng namamayaning damdamin. Mahalagang maunawaan ang lugar, panahon at oras na

pinangyarihan sa akda. Batay sa gabay pangkurikulum ng DepEd (2013), ang pagtuturo ng panitikan ay kinakailangang tumugon sa pangangailangan ng lipunan, pamayanan, at higit sa lahat,ng mga mag-aaral. Alinsunod dito, isa sa mga estratehiyang malimit nang ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan sa kasalukuyan ay ang integrasyon ng mga usaping panlipunan sa talakayan. Kung titingnan sa perspektibo ng "Pedagogy of the Oppresed" ni Freire (2000) napakahalaga ng integrasyon ng mga usaping panlipunan sa talakayang pampanitikan lalo pa at hinihimok nito ang mga mag-aaral na gumamit ng kritikal na pag-iisip sa pagbibigay opinyon at resolusyon sa mga problemang panlipunan. Ayon sa kanya, ang edukasyon ay susi sa pagbabagong panlipunan kung kaya dapat turuan ang mga mag-aaral na makisangkot sa pagbibigay-solusyon sa mga usaping ito sa halip na turuan at punuin lamang sila ng mga aral na mapupulot sa teksto. Dagdag pa ni Freire, hindi isinasantabi ang kahalagahan ng mga aral na ibinibigay ng mga guro sa mga mag-aaral subalit wala nang hihigit pa sa kahalagahan ng pakikisangkot ng mga mag-aaral sa talakayang panlipunan. Kung gayon, mayroong malaking kahalagahan ang integrasyon ng mga isyung panlipunan sa talakayang pampanitikan at nararapat itong malinang sa pamamagitan ng mga pag-aaral.

## II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Nilalayon ng pag-aaral na ito na masuri ang mga repleksyon ng mga isyung panlipunang masisilayan sa mga piling maikling kuwento ni Abueg sa pamamagitan ng paglalarawan sa iba't ibang suliraning panlipunan upang maging mabisang sanggunian sa pag-aaral ng panitikan at magamit sa pagtuturo.

Tinitiyak na mabigyang kasagutan ang mga sumusunod:

1. Ano ang mga pahayag na ginamit upang maging lutang ang kaisipan ng mga maikling kwento, ayon sa:
    - 1.1 punto de vista;
    - 1.2 tono at damdamin;
    - 1.3 mensahe o aral ng kwento; at
    - 1.4 temang nangingibabaw?
2. Ano ang mga nabubunyag na repleksyon ng isyung panlipunan?
3. Batay sa kinalabasan ng pagsusuri, makabubuo ng isang modelong panturo na pinamagatang *"KuwenTuklas".*

## III. TEORETIKAL NA BALANGKAS

Ang pagsusuri sa tatlong maikling kuwento ni Abueg—*"Mabangis na Lungsod," "Sa Bagong Paraiso,"* at *"Ang Kamatayan ni Tiyo Samuel"*—ay nakabatay sa teoryang Marxismo, na nagsisilbing pangunahing batayan upang maunawaan ang mga isyung panlipunan sa kanyang panitikan. Ang teoryang Marxismo, na ipinakilala nina Karl Marx at Friedrich Engels, ay nakatuon sa tunggalian ng mga uri sa lipunan, kung saan makikita ang hindi pagkakapantay-pantay ng kapangyarihan, yaman, at oportunidad sa pagitan ng mga naghaharing-uri at ng mga naaapi (Garlitz & Zompetti, 2023). Sa pamamagitan ng teoryang ito, masisiyasat ang mga akda ni Abueg bilang salamin ng umiiral na estruktura ng lipunan at ang mga epekto nito sa buhay ng karaniwang mamamayan.

Bilang pantulong na pananaw, ginamit din ang teoryang Realismo at teoryang Sosyolohikal bilang mga pantulong na pananaw. Ayon sa *Literary realism (n.d.)*, ang teoryang Realismo ay nagbibigay-diin sa makatotohanang paglalarawan ng lipunan at mga suliraning kinakaharap ng mga tauhan. Samantalang ang teoryang Sosyolohikal ay nakatuon sa ugnayan ng panitikan at lipunan, at kung paano ang panitikan ay nagiging kasangkapan sa pagpapahayag at paghubog ng kamalayang panlipunan ng mambabasa *(Teoryang pampanitikan, n.d.)*.

Sa kabuuan, ang pagsasanib ng teoryang Marxismo bilang pangunahing perspektiba at ng teoryang Realismo at teoryang Sosyolohikal bilang mga pantulong na pananaw ay nagbibigay-daan sa mas masusing pag-unawa sa mga akda ni Abueg bilang tagapagsalaysay ng katotohanang panlipunan at panawagan para sa pagbabago.

Kaugnay nito, isinagawa ang pagbuo ng *output* na pinamagatang *KuwenTuklas* bilang aplikasyon ng mga nasabing teorya. Sa paglikha ng *KuwenTuklas*, sinimulan ang proseso sa pamamagitan ng maingat na pagbasa sa mga piling akda ni Abueg upang lubos na maunawaan hindi lamang ang banghay ng kuwento sa mga piling akda ni Abueg upang lubos na maunawaan hindi lamang ang banghay ng kuwento bagkus pati ang mga isyung panlipunang sinasalamin nito. Sumusunod dito ang pagtukoy sa mga tiyak na pahayag o bahagi ng akda na naglalarawan ng mga isyung tulad ng kahirapan, karahasan, diskriminasyon, at iba pa. Maingat na itinala ang mga pahayag na ito upang magsilbing batayan sa pagsusuri.

Ang bawat napiling pahayag ay sinuri batay sa apat na mahahalagang elemento: punto de vista, tono at damdamin, mensahe o aral, at temang nangingibabaw. Sa pamamagitan ng ganitong paraan ng pagsusuri, naisasalamin ang mga prinsipyo ng Marxismo, Realismo, at Sosyolohikal na pananaw sa konkretong paraan.

Ang kabuuang nilalaman ng *KuwenTuklas* ay isinaayos sa pamamagitan ng maikling buod ng bawat akda, pagpapakita ng napiling pahayag, at kritikal na pagsusuri batay sa apat na elemento. Kalakip din ang bawat bahagi ang personal na repleksyon ukol sa kahalagahan ng mga isyung panlipunan na inilahad ni Abueg, bilang pagpapalalim ng pag-unawa sa ugnayan ng panitikan at lipunan.

## IV. METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang bahaging ito ay naglalaman ng iba't ibang paglalahad—disenyo ng pananaliksik, mga instrumento ng pag-aaral, at mga pamamaraan sa pangangalap ng datos. Ang mga estratehiyang ito ay ginamit ng mga mananaliksik upang tuklasin at patunayan ang mga pangunahing suliranin sa pag-aaral na ito.

**Disenyo ng Pag-aaral**

Ang isinagawang pag-aaral tungkol sa mga piling akda ni Abueg ay ginamitan ng deskriptibong pagsusuring pangnilalaman. Ang pamamaraang ito ay nakatuon sa masusing pagsusuri at pagbibigay-kahulugan sa mga nilalaman ng akda upang matukoy ang mga temang panlipunang inilalarawan sa mga ito. Sa pamamagitan ng deskriptibong pagsusuri, natukoy ang mga anyo ng suliraning panlipunan na kinakatawan ng mga tauhan, banghay, at tagpuan sa mga akda ni Abueg. Nilalayon nitong ilarawan at suriin ang mensahe, tema, estilo, estruktura, at kaisipan ng bawat akda, partikular na ukol sa mga isyung panlipunan na may kaugnayan sa kasalukuyang panahon.

**Instrumento ng Pag-aaral**

Ang pag-aaral na ito ay isasagawa sa pamamagitan ng pagsusuri ng mga kaugnay na mga isinagawang pananaliksik ukol sa mga piling akda. Sinuri ang mga piling dyornal, aklat, pahayagan, at iba pang mga babasahing nailathala sa *internet* na may kaugnayan sa kasalukuyang pag-aaral. Nakatulong din ang mga datos na nakalap mula sa silid-aklatan ng Cebu Technological University upang mabigyang katuparan ang ninanais ng pag-aaral.

**Paraan ng Paglikom ng Datos**

Ang proseso ng paglikom ng datos ay sinimulan ng mga mananaliksik sa pamamagitan ng:

1. Maingat na pagbasa sa mga piling maikling kuwento ni Abueg. Pinagsikapan ng mga mananaliksik na maunawaan hindi lamang ang banghay ng mga kuwento pati na rin maging ang mga isyung panlipunan na sinasalamin ng mga ito.
2. Pagtukoy sa mga tiyak na pahayag o bahagi ng akda na nagpapakita ng iba't ibang isyung panlipunan, gaya ng kahirapan, karahasan, diskriminasyon, at iba pa. Maingat na inihanay at itinala ang mga pahayag upang maging batayan ng pagsusuri.
3. Masusing pagsusuri sa mga natukoy na pahayag batay sa elementong punto de vista, tono at damdamin, mensahe o aral, at temang nangingibabaw. Tinalakay kung paano ipinapahayag ng mga akda ang repleksyon ng mga isyung panlipunan sa pamamagitan ng iba't ibang pananaw at estilo ng pagsasalaysay.

## V. PAGSUSURI NG MGA AKDA

***"Mabangis na Lungsod"***

| Mga Pahayag mula sa Akda | Punto de Vista | Tono at Damdamin | Mensahe o Aral | Temang Nangingibabaw |
|---|---|---|---|---|
| *"Ang gabi ay mabilis na lumatag sa mga gusali... sa mga taong sa araw-araw ay may bagong lunas na walang bisa."* | Ikatlong panauhan (omniscient); nagbibigay ng malawak na pananaw sa kalagayan ng lungsod at ng mga taong naninirahan dito. Lumilikha ito ng mapagmasid na pagtingin sa paulit-ulit na paghihirap ng lipunan. | Mapagmasid, malungkot | Ipinapakita ng akda ang paulit-ulit at tila walang katapusang siklo ng kahirapan sa lungsod. Sa kabila ng mga pangakong pag-unlad at lunas sa suliranin, nananatiling lugmok ang mga mamamayan sa karukhaan. Isa itong paalala na ang kabangisan ng lungsod ay hindi lamang pisikal kundi maging emosyonal at | Ang kabagalan ng tunay na pag-unlad sa kabila ng makabagong lungsod—isang masalimuot na realidad kung saan ang urbanisasyon ay hindi nakakabawas sa kahirapan kundi minsan ay lalo pa itong pinatitindi. Nangibabaw ang tema ng kawalang-katarungan sa lipunan at kabangisan ng kapaligirang urban sa |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | moral—na sa gitna ng modernisasyon, may mga taong patuloy na naiisantabi. | mga ordinaryong mamamayan. |
| *"Kay Adong, ang gabi'y naroroon... katulad ng Quiapo."* | Ikatlong panauhan (limitado kay Adong); ipinapakita ang personal na karanasan at limitadong pagkaunawa ni Adong sa mundo sa paligid niya. Lumilikha ito ng inosenteng pananaw sa marahas na realidad. | Walang muwang, inosente | Ipinapahayag nito na para kay Adong, ang gabi — na karaniwang oras ng pagpapahinga ay isang panahon ng panganib at takot. Sa halip na katahimikan, ang gabi sa Quiapo ay punô ng pangamba, karahasan, at gutom. Sa kabuuan, ipinapakita ng pahayag ang mapait na reyalidad ng mga taong nasa laylayan ng lipunan. | Ipinapakita ng pahayag ang madilim na kalagayan ng mga tulad ni Adong — isang bata na biktima ng sistematikong kahirapan at karahasan sa lungsod. Ang salitang "gabi" ay sumasagisag sa dilim, takot, at kawalan ng pag-asa, habang ang Quiapo ay nagsisilbing larawan ng magulo, magulo, at marahas na lungsod. |
| *"Maawa na po kayo, Mama…Ale…gutom na gutom na ako!"* | Ikatlong panauhan (nakatuon sa damdamin ni Adong); bagaman ikatlong panauhan, inilalapit ang emosyon ni Adong sa mambabasa upang madama ang desperasyon at pagdurusa. | Nanghihingi, desperado, masakit | Ipinapahiwatig ng pahayag na sa isang mapang-aping lungsod, ang mga bata at mahihina ay kailangang mamalimos para mabuhay. Ipinapakita rin nito kung paanong ang lipunan ay naging manhid sa pagdurusa ng iba — sapagkat kahit gaano pa kaawa ang sigaw ni Adong, wala pa ring tunay na tumutulong sa kanya. | Ang linyang ito ay tahasang nagpapakita ng matinding gutom, kawalan, at ang desperasyon ng isang batang lansangan. Ang kahirapan ay hindi lang nararamdaman — isinisigaw na ito ni Adong sa lansangan, pero tila wala ring nakikinig. |
| *"Ang mga mukhang nagdaraan ay malalamig na parang bato."* | Ikatlong panauhan (omniscient); ginagamit upang ipakita ang kolektibong kawalan ng malasakit ng lipunan sa mga maralita, hindi lang sa paningin ni Adong kundi sa mas malawak na antas. | Mapait, mapanuri | Ipinapahiwatig ng pahayag na ang mga tao sa lungsod ay wala nang pakialam sa pagdurusa ng iba. Sila ay malalamig, hindi lang sa pisikal na anyo kundi sa kanilang puso at damdamin — kasing tigas at kasing lamig ng bato. Ang lipunan ay unti-unting nawawala ang pagkatao dahil sa sobrang pagtuon sa | Makikita sa pahayag ang tema ng pagkawala ng malasakit sa kapwa, lalo na sa mga naaapi at naghihirap. Sa isang lugar na puno ng tao, ang batang si Adong ay nag-iisa sa kanyang pagdurusa, dahil walang pumapansin o nagmamalasakit sa kanya. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | sarili, at pagwawalang-bahala sa mga nangangailangan. | |
| *"Pinaghahapbuhay 'yan ng mga magulang para may maisugal."* | Ikatlong panauhan (panlipunang komentaryo); lumalabas ang mapanghusgang tinig mula sa tagapagsalaysay bilang bahagi ng komentaryo sa panlipunang pagtingin sa mahihirap. | Mapanghusga, mapanlait | Ipinapahiwatig ng pahayag nito ang mapanghusga na tao sa lipunan na imbis na tulungan ang nangangailangan ay nilalait pa nila ito. Ang ganitong klaseng panghuhusga ay naranasan mismo ni Adong sa kwento, | Ipinapakita ng pahayag na ito na maaaring ang linyang ito ay galing sa isang taong sanay na sa ganitong sistema — kaya't sa halip na tumulong o umunawa, nagiging mapanghusga o manhid. Ipinapakita din nito na kahit ang kabutihang asal tulad ng malasakit ay nawawala na rin sa lungsod. |
| *"Ang panahon ay patuloy na ibinuburil ang karukhaan."* | Ikatlong panauhan (malawak at mapanlikha); ginagamit upang ipakita ang sistemikong anyo ng kahirapan, na tila hindi lamang panlabas kundi bahagi na ng buhay ng mga tauhan. | Mapait, realistiko | Ipinapahiwatig ng pahayag na ang kahirapan ay tila isang permanenteng bahagi ng buhay ng mga mahihirap. Kahit magbago ang panahon, hindi ito nawawala, at patuloy nilang nararanasan ang mga pagsubok na dulot ng sistemang nagpapahirap sa kanila. | Ang temang nangingibabaw sa pahayag na ito ay ang walang katapusang siklo ng kahirapan, na tila ba itinaga na sa bato ng kasaysayan at panahon. Ang salitang “ibinuburil” ay mahalagang salitang ginamit dito—nangangahulugang ikinukulong o isinusulat sa matibay na anyo (parang pag-uukit sa bakal). Sa madaling sabi, Ang karukhaan ay tila nakaukit na sa kasaysayan ng mga tulad ni Adong.Hindi lang ito panandalian—kundi pangmatagalang tanikala. |
| *"Si Bruno nga. Ang malapad na katawan..."* | Ikatlong panauhan (limitado kay Adong); inilalarawan si Bruno mula sa perspektibo ng batang si Adong—nakakatakot, makapangyarihan. Ipinapadama ang pananakot na dulot ng mga tulad ni Bruno. | Nakakatakot, marahas | Ipinapakita ng pahayag na si Bruno ay simbolo ng mga makapangyarihan na gumagamit ng lakas at kapangyarihan upang mang-api at maghasik ng takot. Ang kanyang pisikal na anyo ay nagiging simbolo ng kawalan ng awa sa mga mahihirap. | Ang temang nangingibabaw dito ay ang kagaspangan ng lungsod at ang pag-iral ng mga makapangyarihan na umaapi sa mahihina. Si Bruno ay simbolo ng mabangis, abusado, at walang puso — tulad ng mismong lungsod kung saan siya namumuhay. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *"May reklamo?" ang nakasisindak na tinig ni Bruno.* | Ikatlong panauhan (pokus sa tensyon); pinipiling ituon ang pansin sa boses ni Bruno upang iparamdam ang pananakot at kakulangan ng boses ng mga inaapi. | Mapanindak, marahas | Ipinapahiwatig ng pahayag na ginagamit ng mga may kapangyarihan ang takot upang patahimikin ang mga tao. Ang tanong ni Bruno ay isang banta na nagpapakita ng kapangyarihan nilang magpatahimik ng sinumang magtangkang magreklamo. | Ang nangingibabaw na tema sa pahayag na ito ay ang mapanindak na paggamit ng kapangyarihan upang patahimikin ang mga mahihina. Ginagamit ang lakas, posisyon, at boses hindi upang magbigay ng hustisya, kundi upang takutin at patahimikin ang sinumang magtatangkang sumalungat. |
| *"Bitawan mo ako, Bruno! Bitawan mo ako"* | Ikatlong panauhan (limitado kay Adong); masinsin ang pagdidiin sa desperasyon ni Adong. Lumilikha ng damdamin ng takot at kawalang-kakayahan. | Takot, desperado | Ipinapakita ng pahayag ang desperasyon at takot ng isang walang kalaban-laban, tulad ni Adong, na hindi kayang ipagtanggol ang sarili laban sa mga abusadong may kapangyarihan. | Ang nangingibabaw na tema sa pahayag na ito ay pang-aabuso ng kapangyarihan at kawalan ng kakayahan ng mga mahihina na ipagtanggol ang kanilang sarili. Ito'y lietral na eksena ng pang-aapi, ngunit mas malalim pa riyan—ito riyan ay siugaw ng mga inaapi laban sa sistemang pumipigil sa kanila. |
| *"Sa murang isipang iyon ni Adong... sa kabangisang sa mula't mula pa'y nakilala niya at kinasuklaman."* | Ikatlong panauhan (malapit sa damdamin ni Adong); pinapakita ang panimulang paggising ng kamalayan ni Adong sa karahasang kinagisnan niya. | Mapagpasyang malungkot, may pag-asa | Ipinapahiwatig ng pahayag na kahit bata si Adong, nakaranas na siya ng kabangisan at karahasan sa lungsod, na nagiging bahagi na ng kanyang buhay. | Inilalarawan ng kwento ang marahas na katotohanan sa lungsod, lalo na para sa mga taong mahihirap gaya ni Adong. Ang "kabangisan" dito ay hindi lang pisikal na karahasan kundi pati ang kalupitan ng lipunan—gutom, pagmamaliit, at pagsasamantala. |
| *"Biglang-bigla, napawi ang katuwaan ni Adong."* | Ikatlong panauhan (limitado kay Adong); biglaang pagbabago ng emosyon mula sa pananaw ni Adong ay lumilikha ng empatiya sa kanyang kawalang-katiyakan. | Pagkabigla, lungkot, takot | Ipinapakita ng pahayag ang mabilis na pagbabago ng damdamin ni Adong. Mula sa kasiyahan, siya'y agad nagkaroon ng takot at pangamba. Ipinapakita nito ang hindi matatag na kalagayan ng mga mahihirap, kung saan | Ang saya ni Adong ay panandalian lamang—agad itong napawi ng realidad ng lungsod. Ang tema ng pag-asang nauudlot o pansamantalang kaginhawaan sa gitna ng matagalang pagdurusa ay lantad dito lalo na kung tulad ni Bruno ang babangga |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | ang kahit kaunting saya ay agad nawawala dahil sa kahirapan at takot. | sa ito. |
| *"Palimos na po, ale... hindi pa po ako nanananghalian!"* | Ikatlong panauhan (malapit sa panloob na tinig ni Adong); tumutuon sa mismong panawagan ng batang tauhan upang ilantad ang kanyang desperasyon at gutom. | Pagmamakaa-wa, gutom | Ipinapakita ng pahayag ang matinding kahirapan ni Adong na kailangang mamalimos para lamang mabuhay. Ang simpleng pakiusap ay isang desperadong sigaw ng batang walang makain, nagpapakita ng masalimuot na kalagayan ng mga batang lansangan. | Inilalarawan nito ang matinding kahirapan ng mga gaya ni Adong na walang makain, at walang ibang magawa kundi ang mamalimos para mabuhay. Ang paraan ng panlilimos ni Adong ay hindi lamang simpleng pakiusap, kundi isang desperadong sigaw mula sa isang batang walang kakampi sa magulong lungsod. |
| *"Kung may pumapansin sa panawagan ni Adong... irap, pandidiri, pagkasuklam."* | Ikatlong panauhan (panlipunang pagmamasid); ginagamit upang ilantad ang panlipunang pagtingin at reaksyon sa mga batang pulubi—may layo sa damdamin ni Adong, ngunit may lapit sa realidad. | Kalungkutan, pangungutya | Ipinapakita ng pahayag ang mapanghusgang pagtingin ng lipunan sa mga mahihirap, na kahit may mga batang nangangailangan, sila'y tinataboy at nilalait. Ang mga tao ay nagiging manhid sa mga pangangailangan ng iba, at ang pagkasuklam at pandidiri sa kanila ay nagpapakita ng kawalan ng malasakit sa kapwa. | Malinaw na ipinapakita rito ang kawalang-malasakit ng mga tao sa paligid. Kahit marinig si Adong, imbis na tulungan, inuhusgahan agad at pinandidirihan. Wala silang respeto o dignidad sa paningin ng mas nakakaangat. Ang lipunan sa kwento ay hindi lang mabangis, ito rin ay mapanghusga at mapagmataas, lalo na sa mga nasa laylayan ng lipunan. |
| *"Ano? Nalolokо ka na ba, Adong?... Nakita ka ni Bruno!"* | Ikatlong panauhan (nakatuon kay Adong); masinsing sinusundan ang takbo ng isip at damdamin ni Adong sa harap ng banta. Nagpapakita ng pananakot at kawalang-pag-asa. | Pag-aalala, takot | Ipinapakita ng pahayag ang takot at pangamba ni Adong sa harap ng mga taong nang-aapi. Si Bruno ay simbolo ng mapang-aping kapangyarihan na nagiging kalaban ng mga mahihirap, at ipinapakita nito ang pag-aalala ni Adong sa posibilidad ng pagkakaroon ng sakit o parusa. | Ipinapakita dito na sa isang mabangis na lungsod, minsan ang mga mahihirap ay nagiging kalaban ng isa't isa para lang mabuhay. Ang takot ni Adong kay Bruno ay hindi basta-basta—si Bruno ay simbolo ng mapagsamantalang puwersa sa lipunan. Sa linyang ito, ramdam mo ang pamimilit na sumunod, ang takot na mahuli, ang kabang baka saktan. |

Sa pagsusuri ng mga pahayag mula sa akdang *Mabangis na Lungsod*, makikita ang mga sumusunod na pangkalahatang paghihinuha batay sa punto de vista, tono at damdamin, mensahe o aral, at temang nangingibabaw.

**Punto de Vista:** Ginamit sa akda ang ikatlong panauhan upang ipakita ang kabuuang larawan ng lungsod at ang kalagayan ng mga tauhan. Sa pamamagitan ng obhektibong pagsasalaysay, naipapakita ang dalawang mukha ng lungsod—isang malawak, malamig at mapanganib na espasyo; at isang lugar ng personal na pagdurusa, lalo na para sa mga mahihirap na tulad ni Adong. Ang pananaw na ito nagpalalim sa pag-unawa ng mambabasa sa malupit na kalagayan ng buhay sa lungsod na hindi basta-basta nakikita sa panlabas na anyo lamang.

**Tono at Damdamin:** Ang tono ng akda ay malamig, malungkot, mapait, at puno ng desperasyon. Damang-dama sa bawat tagpo ang takot, kawalang pag-asa, at pagkadurog ng dignidad ng mga mahihirap. Ang damdamin ng akda ay nananatiling matindi at mapanuri, na animo'y isang malupit na paglalantad sa marahas na katotohanan ng buhay sa lungsod—isang pamumuhay na puno ng panganib at kawalang katiyakan.

**Mensahe o Aral:** Ipinapahayag ng akda na ang tunay na kabangisan ng lungsod ay hindi lamang nakikita sa pisikal na anyo nito kundi sa sistemikong kahirapan at kawalang malasakit ng lipunan sa mga naaapi. Binibigyang-diin nito na ang mga maralita ay patuloy na pinipinsala ng mga pangako ng pag-unlad na hindi naman nila nararamdaman. Sa ganitong kalakaran, nawawala ang oportunidad para sa isang makatarungan at makataong pamumuhay, lalo na sa mga tulad ni Adong na walang kalaban-laban sa isang mapanupil na kalagayan ng lungsod.

**Temang Nangingibabaw:** Ang pangunahing tema ng akda ay ang kabangisan ng lungsod bilang isang modernong "gubat" kung saan ang mahihina ay walang lugar upang mabuhay ng matiwasay. Tumatampok dito ang mga tema ng kawalang-katarungan, kahirapan, panunupil, at ang pagkabigo ng lipunan na protektahan at itaguyod ang kapakanan ng mga pinakaapi. Sa pamamagitan ng makapangyarihang paglalarawan sa buhay ni Adong, inihahayag ng akda ang mabangis na katotohanan ng mga kabataang nawawalan ng pag-asa at pagkakataon sa isang mundong walang malasakit.

***"Sa Bagong Paraiso"***

| Mga Pahayag mula sa Akda | Punto de Vista | Tono at Damdamin | Mensahe o Aral | Temang Nangingibabaw |
|---|---|---|---|---|
| *"Nilisan ng batang lalaki at batang babae ang kinaigasaning daigdig upang lasapin ang biyayang handog ng itinuturing nilang Bagong Paraiso."* | Ikatlong panauhan; nagsasalaysay mula sa pananaw ng isang tagamasid sa buhay ng mga karakter. | Nostalgic, mapanlikha, may kabighanian at matinding pagnanais. | Ang kuwento ay nagpapahiwatig na hindi lahat ng inaakala nating paraiso ay tunay na paraiso. Minsan, ang kagustuhan nating makalaya at maranasan ang ipinagbabawal ay humahantong sa mga sitwasyong may kaakibat na responsibilidad at pananagutan. Kaya't mahalagang pag-isipan ang bawat hakbang sa buhay, lalo na sa panahon ng kabataan, kung saan emosyon at pagnanasa ay madalas mangibabaw sa tamang pag-iisip. | Itinatampok sa akda ang tungkol sa mga kabataang naglalakbay patungo sa pagtuklas ng bagong karanasan na sa kanilang pananaw ay isang "Bagong Paraiso." Ang kuwento ay kakikitaan ng temang romansa, pagkamusmos, at pagnanais na lumaya mula sa mga limitasyon ng lipunan o tradisyon. |
| *"Naririnig mo ba na may tumutunog sa aking dibdib?"* | Ikalawang panauhan; nagsasaad ng pananaw mula sa isang karakter na nagsasalita sa kanyang kapwa. | Malambing, mausisa, romantiko | Ang kuwento ay nagpapakita ng isang taong nagtatangkang ipahayag ang nilalaman ng kaniyang puso. Ang "tunog sa dibdib" ay sumasagisag sa matinding emosyon, na | Ang pahayag ay nagpapahiwatig ng pag-ibig, o isang lihim na emosyon na nais ipahayag ng taong nagsasalita. Ang tunog na naririnig mula sa dibdib ay maaaring |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | pag-ibig na nais iparating, ngunit maaaring, hindi agad masambit sa salita.<br>Ito ay paanyaya sa pakikinig at pag-unawa, na sana ay pakinggan at maramdaman ng kausap ang tahimik ngunit malakas na sigaw ng damdamin.<br>Nagpapaalala ito na may mga damdaming hindi laging sinasabi, pero dama kung tunay kang nakikinig. | tumukoy sa pumipintig na puso na isang simbolo ng emosyong pagmamahal.<br>Nagpapakita rin ito ng kamusmusan at kawalang ganap na karanasan pagdating sa usaping pag-ibig. |
| *"Hindi na pala tayo maaaring maglaro… ng tulad ng dati."* | Ikalawang panauhan; nagsasaad ng pananaw mula sa isang karakter na nagsasalita sa kanyang kapwa. | Malungkot, may panghihinayang | Isa itong paalala na sa paglipas ng panahon, may mga bagay talagang nagbabago, maging ang mga bagay na minsang walang kahirap-hirap gawin tulad ng paglalaro at pagtawa kasama ang mga kaibigan. Patunay lamang ito na ang mga bagay ay hindi palaging mananatili, mahalagang pahalagahan ang mga sandaling mayroon tayo ngayon dahil hindi na ito kailanman maibabalik pa. | Ang pahayag na mababasa sa kuwento ay may temang tungkol sa pagbabago o paglisan ng kabataan. Ipinapakita ng pahayag ang pagtanggap na hindi na maibabalik ang simpleng kasiyahan ng nakaraan, tulad ng paglalaro noong bata pa. Ito ay nagpapakita ng reyalidad na habang tayo ay lumalaki,may mga bagay na hindi na natin malayang nagagawa dahil unti-unti na itong napapalitan ng mga responsibilidad, at nagkakaroon narin ng ibang direksyon sa buhay. |
| *"Ngayon daw … hindi na tayo bata. Ako raw ay dalagita na … at ikaw raw ay binatilyo."* | Ikalawang panauhan; pagpapahayag ng isang karakter sa kanyang sarili at sa kanyang kausap tungkol sa paglisan ng kabataan. | May lungkot at pagkalito | Ang akda ay nagpapahiwatig na walang permanenteng yugto sa buhay. Ang lahat ay dumaraan sa pagbabago, lalo na ang tao. Ang dating larong walang malisya, sa pagdadalaga at pagbibinata ay maaaring mabigyan na ng ibang interpretasyon na hindi naaayon sa paniniwala ng Lipunan. May halo ng pag-aalala, pagkalito, at pagka-kuryoso dahil ang pagtanda ay may kaakibat na pananagutan. | Ang pangunahing tema ng pahayag ay tungkol sa Paglaki o Pagdadalaga at Pagbibinata ng isang tao. Tinutukoy dito ang pagbabago ng katauhan at pag-iisip mula sa pagiging bata patungo sa mas responsableng yugto ng kabataan. Ipinapakita rito ang pagkakaroon na ng limitasyon ng isang tao dahil sa transisyon ng pagbabagong naganap. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *“Kung gusto mong makatapos ng karera, huwag muna tayong makipag-ibigan ni Ariel.”* | Ikalawa o Ikatlong panauhan; nagpapakita ng malalim na pananaw ukol sa kahalagahan ng mga desisyon sa buhay. | Mahigpit, determinadong damdamin | Ang tagumpay ay nangangailangan ng sakripisyo. Kung nais mong makamit ang iyong mga pangarap, kailangan mong magbitiw muna sa mga bagay na maaaring humadlang dito kahit gaano pa man ito kahalaga sa puso mo dahil may tamang oras sa lahat ng bagay. Hindi lahat ng gusto ay kailangang sundin agad; ang tunay na pagmamahal ay marunong maghintay at umunawa. | Ito ay tungkol sa Pangarap laban sa Pag-ibig. Ipinapakita ang pagpili sa pagitan ng damdamin at pangmatagalang tagumpay. Kaakibat ng paglaki ay ang pagtukoy sa ating mga prayoridad sa buhay, at unahin ang mga bagay na makapagbibigay ng mas matibay na kinabukasan. |
| *“At ang pait na may inuukit sa kanyang isip ay parang pandalas na pinukpok…”* | Ikatlong panauhan; nagsasalaysay ng isang malalim na emosyonal na sugat ng karakter. | Mapait, mabigat, dramatiko | Ang bawat karanasan ay may bakas na iniiwan. Kahit gaano kaliit, maaaring ito’y maging bahagi ng ating pagkatao at pananaw sa buhay. Ang paghilom ay isang proseso. Hindi basta-basta nawawala ang sakit dulot ng mga alaala, kaya nangangailangan ito ng sapat na oras, at pang-unawa. Ang mga sugat sa puso’t isipan ay mas masakit pa kaysa sa pisikal na sugat dahil lagi na natin itong dala-dala sa mga alaala natin. | Ang tema ay tungkol sa masakit na alaala ng nakaraan. Ipinapakita kung paanong ang isang masakit na karanasan ay patuloy na nag-iiwan ng bakas sa isipan ng isang tao. May mga alaala na kahit ito ay masasaya, nag-iiwan parin ito ng bigat sa damdamin dahil ito ang mga lumipas na alam nating hindi na maibabalik kaya mahirap kalimutan. |
| *"Ngunit hindi lamang iyon ang kanilang ginagawa: Nagtutudyuhan din sila, naghahabulan at kapag nahahapo na, nahihiga rin sila sa buhangin..."* | Ikalawang panauhan; ang naratibo ay nagbibigay-tuwa sa mga simpleng gawain ng dalawang magkaibigan. | Masaya, inosente | Ang akda ay nagpapakita ng masigla, masaya, at walang malisya na ugnayan ng dalawang magkaibigan. Ipinapahiwatig dito na minsan ay kailangan din nating namnamin ang bawat mahahalagang yugto ng ating buhay. Matuto tayong magsaya,at sumabay sa alon ng buhay dahil mas masarap at makabuluhan ang pagkatuto kung ito ay naisapuso. Ang mga simpleng bagay din ang | Ito ay may temang kamusmusan at kalayaan. Ipinapakita ng kuwento ang kasiyahan at likas na sigla ng mga bata, pagkakaroon ng maligaya at magandang ugnayan sa isa’t isa na wala pang bahid na malisya mula sa mga mata ng lipunang mapanghusga. Malaya nilang nagagawa ang mga bagay na nakapagpapasaya sa kanila na walang iniisip na ibang tao na maaaring magalit sa kanila. Wala |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | kumokumpleto sa ating buong pagkatao. | pang iniisip na responsibilidad na inaasahan ng lipunan mula sa kanila. |
| *"Kung gusto mong makatapos ng karera, huwag muna tayong makipag-ibigan..."* | Ikalawa o Ikatlong panauhan; nagpapakita ng malalim na pananaw ukol sa kahalagahan ng mga desisyon sa buhay. | Mapait, seryoso | Ang tagumpay ay nangangailangan ng sakripisyo. Kung nais mong makamit ang iyong mga pangarap, kailangan mong magbitiw muna sa mga bagay na maaaring humadlang dito kahit gaano pa man ito kahalaga sa puso mo dahil may tamang oras sa lahat ng bagay. Hindi lahat ng gusto ay kailangang sundin agad; ang tunay na pagmamahal ay marunong maghintay at umunawa. | Ito ay tungkol sa Pangarap laban sa Pag-ibig. Ipinapakita ang pagpili sa pagitan ng damdamin at pangmatagalang tagumpay. Kaakibat ng paglaki ay ang pagtukoy sa ating mga prayoridad sa buhay, at unahin ang mga bagay na makapagbibigay ng mas matibay na kinabukasan. |
| *"Hindi sila naglalaro. Hindi sila nagtatawanan. Waring hindi na sila mga bata."* | Ikatlong panauhan; binibigyan ng malalim na pagbabalik-tanaw ang pagbabago ng karakter sa mga pahayag. | Mapagbantay, mapagmasid | Ang buhay ay patuloy na nagbabago. Ang kasiyahan at kawalang-malay ng kabataan ay unti-unting napapalitan ng mga responsibilidad at seryosong aspeto ng buhay. Mahalaga na habang tayo'y tumatanda, hindi natin makalimutan ang kahalagahan ng simpleng saya, pagkakaibigan, at pagtawa. Nagsisilbi rin itong paalala na ang panahon ay mabilis lumipas. Ang mga dati nating nakasanayan—ang paglalaro, pagtawa, at pag-uusap ay maaaring maglaho habang tayo ay tumatanda. Ngunit sa ating mga alaala at sa paraan ng ating pakikitungo sa iba, maaari pa rin nating buhayin ang kabataan sa ating puso. | Ang temang ito ay sumasalamin sa isang mapait ngunit makatotohanang bahagi ng buhay, gaya ng pagdaan ng panahon at ang pagkawala ng inosenteng yugto ng kabataan. Ipinapakita dito ang pagbabago ng mga pangangailangan, pananagutan, at pananaw habang tumatanda ang isang tao. Ang mga dating pinanggagalingan ng saya at aliw tulad ng larong pambata ay tila hindi na angkop o akma sa kanilang edad ayon sa paningin ng lipunan. |
| *"At waring ang batang lalaki'y nagising,* | Ikatlong panauhan; naglalarawan ng | Naguguluhan, introspektibo | Ang mensahe ng pahayag ay maaaring nagsasabing ang bawat | Ito ay may temang pagkamulat , pagbabago at pag-unawa sa sarili. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *napagmasdan niya ang kaniyang mga bisig, ang kaniyang katawan..."* | isang introspektibong sandali ng bata sa pagtuklas sa sariling katawan at kamulatan. | | pagbabago, lalo na sa ating katawan at isipan, ay hindi kailangang katakutan. Sa halip, ito ay isang pagkakataon upang matutunan at yakapin ang ating sarili at ang ating papel sa mundo. Ang pagiging mulat sa ating kalagayan ay isang hakbang tungo sa mas malalim na pag-unawa at pagkatuto, na mahalaga sa ating buhay. | Ang bawat kabataan ay dumaan sa isang proseso ng pagbabago, maaaring pisikal, emosyonal, o mental, na nagbigay sa kanila ng mas malalim na pang-unawa sa kanilang sarili at sa mundong kanilang ginagalawan. |
| *"Ang kanilang kabuhayan ay hindi suliranin... Ang mga ito'y maka-Diyos..."* | Ikatlong panauhan; nagsasalaysay mula sa pananaw ng isang tagamasid na may malalim na kaalaman sa espiritwal na pananaw ng mga karakter sa kwento. | Mapayapa, may paggalang | Ang pahayag ay nagtuturo na ang tiwala sa Diyos ay nagbibigay ng lakas at kapayapaan sa kabila ng mga pagsubok sa buhay. Huwag mag-alala sa kabuhayan, kundi magtiwala sa Diyos at sa Kanyang mga plano para sa atin. Ang buhay ay magiging mas makulay at puno ng kahulugan kapag ang isang tao ay namumuhay ng may takot at pagmamahal sa Diyos, kaya't ang mga materyal na suliranin ay hindi kailangang magdulot ng labis na pag-aalala. | Ang pahayag ay nagpapakita ng mga tao na hindi nag-aalala tungkol sa kanilang kabuhayan dahil ang kanilang buhay ay nakasalig sa Diyos. Ito ay nagpapakita ng tiwala sa Diyos at sa Kanyang mga plano, at ang mga tao ay mayroong matatag na pananampalataya na magbibigay sa kanila ng mga biyaya sa buhay. |
| *"Ngunit sino man sa kanila ang unang magising, kukuha ito ng kaputol na bato at ikikiliti ang kamay ng natutulog..."* | Ikalawang panauhan; mula sa pananaw ng isa sa mga karakter na may kasamang kagalakan at katuwaan sa kanilang ginagawa sa bawat isa. | Mapaglaro, masaya | Ang mensahe ng kwento ay ang pagkakaibigan ay isang mahalagang aspeto ng buhay na nagdudulot ng kasiyahan at nagsusustento sa ating emosyonal na kalagayan. Maari rin itong magturo ng kahalagahan ng mga simpleng gawaing nagbibigay kaligayahan sa iba, tulad ng pagtulong sa mga kaibigan kahit sa mga maliliit na bagay. | Ang tema ng kwentong ito ay pagkakaibigan at pag-aalaga. Ipinapakita dito ang malalim na ugnayan at malasakit ng dalawang magkaibigan sa isa't isa, pati na rin ang kahalagahan ng pagiging magkasama at ang mga simpleng bagay na nagpapalakas ng kanilang samahan. |
| *"Hindi siya* | Ikatlong | Nabigatan, | Ang kuwentong ito ay | Ang kwentong ito ay |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *nakatagal sa harap ng kanyang mga magulang. Nakatiim ang mga labing pumasok siya sa kanyang silid."* | panauhan; binibigyan ng malalim na pagbabalik-tanaw ang pagbabago ng karakter sa mga pahayag. | rebelde, malungkot | nagpapahiwatig na bilang isang tao, may mga pagkakataon talaga na iba-iba ang ating emosyon at paraan ng pagtugon sa mga sitwasyon. Ang mga emosyon ay natural na bahagi ng ating pagkatao at kadalasang resulta ng ating mga karanasan, pananaw, at mga bagay na nangyayari sa ating paligid. Iba-iba ang bawat tao at ang mga salik na nakakaapekto sa ating reaksyon tulad ng ating personalidad, pagpapalaki, at mga natutunan mula sa ating mga karanasan. Kaya't mahalaga rin na maging bukas tayo sa pag-unawa sa ating sariling emosyon at sa emosyon ng iba, upang makapagbigay tayo ng tamang tugon sa bawat sitwasyon. | maaaring magtampok ng tema ng emosyonal na paghihirap at pagtakas mula sa mga problema o stress sa pamamagitan ng paglayo o pag-iwas para hindi na lumaki pa ang problema. Ito ay nagpapakita ng mga damdamin ng kahirapan, pagkabigo, o pagkahulog ng moral na maaaring maramdaman ng isang tao. |

Batay sa pagsusuri ng mga pahayag mula sa akdang *Sa Bagong Paraiso*, lumilitaw ang mga sumusunod na pangkalahatang paghihinuha kaugnay ng pananaw, tono at damdamin, mensahe o aral, at nangingibabaw na tema.

**Punto de Vista:** Ang akda ay gumagamit ng iba't ibang perspektiba, kabilang ang ikatlong panauhan at ikalawang panauhan, upang ilahad ang karanasan ng mga karakter sa iba't ibang yugto ng kanilang buhay. Ang ikatlong panauhan ay nagbibigay ng pangkalahatang pagsasalaysay mula sa pananaw ng isang tagamasid, samantalang ang ikalawang panauhan ay nagpapakita ng personal na karanasan ng mga karakter sa kanilang mga interaksyon. Sa kabuuan, binibigyang-diin ng akda ang pagpapakita ng pagbabago sa pananaw ng mga karakter mula sa pagkabata patungo sa kabataan at ang mga paglalakbay nila upang tuklasin ang "Bagong Paraiso," isang simbolo ng bagong karanasan at kalayaan.

**Tono at Damdamin:** Ang tono ng akda ay naglalaman ng maraming emosyonal na pagbabago. Sa una, may kasiyahan at pagkagalak na dulot ng kamusmusan at ang malayang pag-iisip ng mga bata. Ngunit sa paglipas ng panahon, nagiging malungkot at mapait ang tono, na nagpapakita ng kahirapan sa pagtanggap ng mga pagbabago at ang mga responsibilidad na dulot ng paglaki. May mga sandali ring may lungkot at panghihinayang, partikular na sa pag-alala ng mga simpleng kasiyahan ng kabataan na hindi na maibabalik. Gayundin, may mga pahayag na nagpapakita ng seryosong tono, tulad ng mga pagkakataong may mga desisyong kailangang pag-isipan nang mabuti, tulad ng pag-pili ng pagnanasa laban sa mga pangarap.

**Mensahe o Aral:** Ang akda ay naglalaman ng malalim na mensahe tungkol sa proseso ng paglaki at ang mga pagninilay na kaakibat nito. Ipinapakita nito na ang pagkabata ay isang yugto ng malaya at masayang pagtuklas ng buhay, ngunit hindi rin ito permanente. Sa paglaki, may mga desisyon at sakripisyo na kailangang pag-isipan, tulad ng pagtimbang sa pagitan ng pagnanasa at pangarap. Ipinapakita rin na may mga karanasan na mahirap kalimutan, ngunit kailangan itong tanggapin bilang bahagi ng ating pag-unlad. Ang mensahe ng akda ay nagsasaad na ang bawat hakbang sa buhay ay may kaakibat na responsibilidad, at ang tamang pagpapasya ay mahalaga sa paghahanap ng balanse sa pagitan ng kaligayahan at mga pangarap.

**Temang Nangingibabaw:** Ang temang nangingibabaw sa *Sa Bagong Paraiso* ay ang "paglaki" at ang "pagbabago." Ipinapakita ng akda ang mga paglalakbay ng mga kabataan mula sa pagkabata patungo sa kabataan at ang mga pagbabago sa kanilang pananaw, damdamin, at relasyon. Tinutukoy din ang tema ng "kalayaan" at "responsibilidad," kung saan ang pagnanais na makalaya mula sa mga limitasyon ng lipunan at

tradisyon ay nagdudulot ng mga bagong karanasan na may kasamang pananagutan. Kasama rin dito ang tema ng "pag-ibig," kung saan ipinapakita ang paghahati ng atensyon sa pagitan ng mga emosyonal na hangarin at ang mas seryosong pangarap na nais tuparin sa buhay. Ang akda rin ay naglalaman ng temang "pagkamusmos" at "pag-unawa sa sarili," na nagpapakita ng mga kabataan sa isang yugto ng self-discovery at pagmumuni-muni ukol sa kanilang pag-papanday ng kinabukasan.

***"Ang Kamatayan ni Tiyo Samuel"***

| **Mga Pahayag mula sa Akda** | **Punto de Vista** | **Tono at Damdamin** | **Mensahe o Aral** | **Temang Nangingibabaw** |
|---|---|---|---|---|
| *"Mga kabataan may hawak na kartelon at mga aklat… nagsisiawit ng kantanhing pambayan…"* | Ikatlong panauhan (omniscient); ipinapakita ang kolektibong kilos ng kabataan sa isang makabayan at mapanghimagsik na tagpo. Binibigyang-diin ang papel ng kabataan sa kilusan. | Pag-asa, tapang at paninindigan | Ipinapakita ng akda na ang kabataan ay hindi lamang mga tagamasid kundi mga aktibong kalahok sa pagbabago ng lipunan. Sa murang edad, tangan nila ang tapang, talino, at pag-asa upang hamunin ang umiiral na sistema ng panunupil. Ang kabataan ang nagsisilbing tinig at lakas ng mga inaaping sektor, pinatunayan nilang hindi hadlang ang edad sa pakikibaka para sa katarungan. | Ipinapakita ng akda na ang kabataan ay may malalim na papel sa mga kilusang pambayan at makabayan. Ang mga kabataan, sa kanilang aktibong partisipasyon, ay nagsisilbing mga tagapagsalita ng bayan at nagsusulong ng mga makatarungang layunin. |
| *"Duyan ka ng magiting... Di ka pasisiil.."* | Ikatlong panauhan (limitedo na tumutok sa emosyon ng mga aktibista); bagaman panlabas ang paglalarawan, damang-dama ang makabayang damdamin. | Pagmamalasakit, pagmamahal sa bayan at dangal | Sa pag-awit ng makabayang himig, ipinakikita ang walang hanggang pagmamahal at paninindigan ng mamamayan sa kanilang bayan. Hindi kayang lupigin ng anumang puwersang mapaniil ang diwa ng kalayaan at dangal ng bansa. Sa bawat pag-awit, binubuhay nila ang panibagong sigla sa pagkilos para sa tunay na kalayaan. | Ipinapakita ang walang hanggang pagmamahal at paninindigan ng mamamayan para sa kanilang kalayaan. Sa kabila ng mga pagsubok, ang mga kabataan at mga aktibista ay patuloy na nagsusulong ng tamang laban para sa kalayaan ng bayan. |
| *"Ibagsak ang imperyalismo! Wasakin ang* | Ikatlong panauhan (dramatic/omniscient); ginagamit upang | Galit, paninindigan, at maalab na poot | Tinutukoy ng akda ang imperyalismo bilang ugat ng | Itinatampok ng akda ang malalim na galit laban sa mga |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *kanilang mga interes!"* | bigyang-lakas ang tinig ng mga rebolusyonaryo at ihayag ang panlipunang poot. | | kahirapan at pagsasamantala sa bayan. Ipinapahiwatig na ang tunay na paglaya ay hindi makakamit kung hindi lalabanan ang mga puwersang dayuhan at elitistang sumisipsip sa likas na yaman at lakas-paggawa ng bansa. Ang panawagang "ibagsak" ay isang paninindigan para sa pambansang soberanya at tunay na hustisya. | puwersang imperyalista na nagpapahirap sa bayan. Ang panawagan na ibagsak ang imperyalismo ay nagsusulong ng pambansang soberanya at pagtatanggol sa mga karapatan ng mga mamamayan. |
| *"May hawak na mahahabang batuta… mga mukhang kinasinagan ng pagbabanta."* | Ikatlong panauhan (malawak na mapagmasid); ipinapakita ang kapangyarihan ng estado mula sa panlabas na pagmamasid ng tagapagsalaysay. | Panganib, takot at tensyon | Ipinapakita ng akda ang sistematikong paggamit ng dahas ng estado upang hadlangan ang tinig ng masa. Hindi kataka-taka na ang mga instrumento ng kapangyarihan ay nagtataglay ng imahen ng pagbabanta kaysa proteksyon, nagpapahiwatig na ang awtoridad ay naging kasangkapan ng pananakot imbes na tagapagtanggol ng mamamayan. | Ipinapakita ang mga imahen ng kapangyarihan ng estado na gumagamit ng dahas upang hadlangan ang mga makatarungang adhikain ng mamamayan. Ang paggamit ng kapangyarihan bilang isang kasangkapan ng takot at panghihimasok sa kalayaan ay isang simbolo ng hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan. |
| *"May panganib! May panganib!"* | Ikatlong panauhan (limitedo sa pananaw ng mga kalahok); nagpapahiwatig ng takot at kaguluhan mula sa perspektibo ng mga nasa protesta. | Pangamba, kaguluhan, pagkataranta | Ipinapakita ng akda ang mabilis na pagkalat ng takot sa hanay ng mga nagpoprotesta sa harap ng marahas na pagsupil. Sa ganitong tagpo, lumilitaw ang tunay na halaga ng kolektibong pagkilos—na ang tapang ay nasusukat hindi sa kawalan ng takot, kundi sa kakayahang magpatuloy sa kabila ng panganib. | Ipinapakita ng akda ang mabilis na pagkalat ng takot sa mga nagpoprotesta. Sa kabila ng mga takot at kaguluhan, ipinakita na ang kabataan at ang masa ay patuloy na lumalaban at nagtataguyod ng kanilang mga adhikain, hindi alintana ang mga panganib. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *"May dugo ang kanyang daliri… kulay granateng dugo!"* | Ikatlong panauhan (malapit sa damdamin ng tauhan); inilalarawan ang biglaang marahas na pangyayari sa paraang damang-dama ng mambabasa ang pananabik at pagkabigla. | Takot, pagkabigla, panlulumo | Ipinapahiwatig ng akda ang marahas na pagputok ng sitwasyon na maaaring dumating sa anumang sandali sa isang lipunang binabagabag ng di-makatarungang sistema. Ang dugo ay nagsisilbing konkretong paalala ng halaga ng sakripisyong iniaalay ng mga lumalaban para sa tunay na pagbabago. | Ipinapakita ang biglaang marahas na pangyayari sa gitna ng isang laban. Ang dugo ay nagsisilbing simbolo ng malupit na presyo ng paglaban at ng mga sakripisyong iniaalay upang makamit ang tunay na kalayaan. |
| *"Payapa na ang binalantok na harapan… ilang laglag na dahong niyapakan ng mga lalaking mapuputi ang balat at ginto ang mga balahibo't buhok."* | Ikatlong panauhan (omniscient, may komentaryong panlipunan); ipinapakita ang katahimikang puno ng kabalintunaan matapos ang karahasan, na nagpapahiwatig ng dayuhang kawalang malasakit. | Mapait, malamig, mapanlikha | Ipinapakita ng akda ang mapanlinlang na katahimikan matapos ang marahas na pagsupil. Sa gitna ng panlabas na "kapayapaan", naroon ang mabigat na katotohanan ng pagkatao at pandarahas. Inilalarawan ang dayuhang katauhan ng mga may kapangyarihan, na walang malasakit sa pagdurusa ng mga sinakop. | Ipinapakita ang kabalintunaan ng katahimikan sa harap ng karahasan, kung saan ang mga may kapangyarihan ay walang malasakit sa mga inaping sektor. Ang katahimikan ay isang simbolo ng mapanlinlang na kapayapaan na itinataguyod ng mga makapangyarihan. |
| *"Nasa gitnang-gitna… may isang katawang nakatagilid… ang kanyang Tiyo Samuel."* | Ikatlong panauhan (limitedo, emosyonal na lapit sa tauhan); inilalarawan ang pagkabigla at pagdadalamhati ng mga saksi sa pagkamatay ng mahalagang tauhan. | Lungkot, pagkabigla, dalamhati | Ipinapakita ng akda ang trahedya ng pagkawala ng mga bayani sa gitna ng pakikibaka. Ang katawan ni Tiyo samuel ay nagiging simbolo ng bawat buhay na nagbuwis para sa dangal at kalayaan ng bayan—isang tahimik na saksi sa brutal na halaga ng tunay na paglaban. | Ipinapakita ang trahedya ng pagkawala ng isang mahalagang tauhan, si Tiyo Samuel. Ang katawan ni Tiyo Samuel ay nagiging simbolo ng sakripisyo at kamatayan na dulot ng pakikibaka para sa katarungan. |
| *"May mga puting lalaking sumisigaw… ang mga mata'y* | Ikatlong panauhan (panlipunang pagmamasid); inilalantad ang galit at | Galit, poot, pananakot | Ipinapakita ng akda ang larawan ng kapangyarihan na puno ng poot at | Ipinapakita ng akda ang galit ng mga may kapangyarihan at ang pagnanais |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *tinatalsikan ng matinding poot."* | poot ng mga may kapangyarihan, na parang hayop na nagbabantay sa kanilang teritoryo. | | karahasan. Ang galit ng mga may kontrol ay nagiging sanhi ng sistematikong paglabag sa dangal at karapatan ng mamamayan. Hindi sila tagapagtanggol ng kaayusan kundi mga tagapamandila ng takot. | nilang magdulot ng takot at kontrol sa mga nagpoprotesta. Ang galit na ipinapakita ng mga may kapangyarihan ay isang simbolo ng kanilang pangingibabaw at pananakot. |
| *"May patalim ang kanyang kamay at nanaksak siya… kulay granateng dugo."* | Ikatlong panauhan (limitedo sa tauhang may desperasyon); sinasaklaw ang panloob na pagkasira ng loob at marahas na tugon sa opresyon. | Desperasyon, pagkasira ng loob, paghihiganti | Ipinapakita ng akda kung paanong ang matinding pagsikil sa dignidad ng tao ay nagtutulak sa kanya sa sukdulang marahas na pag-aklas. Ang karahasan ay nagiging desperadong tugon ng isang nilalang na nawalan na ng ibang opsyon upang ipagtanggol ang kanyang sarili at panindigan. | Ang akda ay nagpapakita ng desperasyon na nagmumula sa pagkasira ng moralidad ng mga tauhan. Ang karahasan ay nagsisilbing tugon ng isang nilalang sa matinding pang-aabuso at opresyon. |
| *"Bakit mo siya pinatay? Bakit?"* | Ikatlong panauhan (close-focus, dramatiko); ipinapadama ang pagkagimbal at moral na kalituhan ng tauhan sa gitna ng kaguluhan. | Kalituhan, paninising may halong hinagpis | Ipinapakita ng akda ang moral na kalituhan na sumisibol matapos ang marahas na aksyon. Ang tanong ay hindi lamang pag-uusig kundi isang paglalantad ng pagkalito ng konsensya sa gitna ng karahasang tila nagiging normal na bahagi ng buhay sa panahon ng kaguluhan. | Ipinapakita ng akda ang moral na kalituhan at pag-aalinlangan ng tauhan sa mga pangyayari. Ang tanong ay isang pagpapahayag ng paghihirap sa gitna ng karahasan at kabangisan ng lipunan. |
| *"Balisong… may bahid ng dugo."* | Ikatlong panauhan (simbolikong deskripsyon); ang tagapagsalaysay ay tila tagamasid na nagbibigay-pahiwatig ng lalim ng karahasang naiwan ng digmaan. | Simboliko, malungkot, masidhing damdamin | Ipinapahiwatig ng balisong ang marahas na reyalidad ng buhay sa ilalim ng panlipunang krisis. Ang duguang sandata ay nagsisilbing tanda ng pagkasira ng dating inosenteng | Ang balisong na may dugo ay isang simbolo ng karahasan at ang madilim na bahagi ng buhay sa ilalim ng panlipunang krisis. Ang dugo ay nagsisilbing paalala ng mga sakripisyo at ng patuloy na |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | pag-iral—na sa isang sistemang mapaniil, ang pagdanak ng dugo ay nagiging bahagi ng madilim na siklo ng buhay. | pagsalungat sa mapaniil na sistema. |
| *"Di ba 'yon ang factory ng tiyo mo?"* *"Ang yaman ng tiyo mo..."* | Ikatlong panauhan (panlipunang pagmamasid na may halong inggit); ipinapakita ang pananaw ng lipunan sa kayamanan bilang simbolo ng kapangyarihan. | Mapagtanto, may halong inggit at pagtataka | Ipinapakita ng akda kung paanong ang materyal na kayamanan ay nagiging batayan ng kapangyarihan at respeto sa isang lipunang naghihirap. Gayunman, ipinahihiwatig din ang kabalintunaan na sa ilalim ng makintab na imahen ng yaman, may mga sugat ng pang-aapi at pandarahas. | Ipinapakita ng akda ang pagkakaiba ng kalagayan ng mga mayaman at mahihirap, kung saan ang materyal na yaman ay isang simbolo ng kapangyarihan at paggalang, ngunit sa ilalim nito, naroroon ang mga sugat ng opresyon at hindi pagkakapantay-pantay. |
| *"Baka balang araw, mayaman pa sa'yo ang tiyo mo!"* *"Mula rito hanggang ... iyong lahat 'yan!"* | Ikatlong panauhan (malapit sa pananaw ng batang tagapagsalaysay); lumalabas ang inosente ngunit mapangarap na pananaw tungkol sa yaman at lupa. | Mapangarap, may bahid ng inggit at pag-asa | Ipinapakita ng akda ang inosenteng pananaw ng kabataan na nakatuon sa materyal na pag-unlad. Gayunman, hindi nakikita ng batang tagapagsalaysay ang mga kasamang sakripisyo, pagsasamantala, at panganib na karaniwang kasama ng pagkakamal ng yaman. | Ipinapakita ang pangarap ng kabataan na maka-angat sa buhay, ngunit hindi nito nakikita ang mga sakripisyo at pagsasamantala na kalakip sa pag-akyat sa tuktok ng materyal na yaman. |
| *"Masdan mo... iyong lahat 'yan!"* *"Pagpalain mo ang abakadang ito..."* | Ikatlong panauhan (nagmumungkahi ng transisyon mula pangarap patungong realidad); ipinapakita ang pagkakabit ng lupa, edukasyon, at ambisyon sa kapangyarihan. | Marangal, mapaghangad, ambisyoso | Itinatampok ng akda ang kahalagahan ng edukasyon bilang susi sa pag-angat sa buhay. Ipinahihiwatig nito na ang tunay na kapangyarihan ay hindi lamang nakasalalay sa yaman kundi sa karunungan, na siyang nagbibigay daan upang | Ipinapakita ng akda ang kahalagahan ng edukasyon at pangarap para sa magandang kinabukasan. Ang edukasyon ay itinuturing na susi sa pag-unlad, ngunit ipinapakita rin ang hirap at sakripisyo na kasama nito. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | makamit ang sariling kalayaan at dignidad. | |
| *"Sumigaw siya. Tigil! Huwag!" "Isang katawang kayumangging... pinatitingkad ng manipis na karimlan..."* | Ikatlong panauhan (limitedo sa damdamin ng biktima); inilalarawan ang takot at pagsuko sa harap ng pang-aabuso. | Nakapanliliit, madilim, masalimuot | Ipinapakita ng akda ang desperasyon ng biktima sa harap ng pagsasamantala at abuso. Ang pagsigaw ay isang huling pagtatangka upang igiit ang sariling dignidad at karapatan, ngunit sa isang lipunang pinamamayani ng dahas, madalas itong nauuwi sa kawalan. | Ipinapakita ng akda ang kabiguan at desperasyon ng biktima ng pang-aabuso, kung saan ang pagsigaw ay isang huling pagtatangkang ipagtanggol ang sarili at ang mga karapatan. |
| *"Ang sigaw na iyon ay sinagot ng mga hikbi ni Ligaya…" "Nagpupumiglas siya…"* | Ikatlong panauhan (malapit sa katawan at damdamin ng biktima); ipinaparamdam sa mambabasa ang tindi ng pang-aabuso sa kabataan. | Nakakabagbag, masakit, mapanghimagsik | Inilalarawan ng akda ang matinding pighati at walang kapantay na pagdurusa ng isang kabataan sa kamay ng mga mapang-abuso. Ang pagpupumiglas at paghikbi ay pagsasalarawan ng desperadong pagtatanggol ng dangal laban sa pwersang mapang-api. Nagbibigay ito ng matinding panawagan laban sa pang-aabuso at pagsasamantala, lalo na sa mga walang kalaban-laban. | Ipinapakita ang matinding paghihirap ng mga kabataan sa harap ng pang-aabuso. Ang sigaw at hikbi ni Ligaya ay isang malupit na paalala ng kalupitan at pagnanasa ng kabataan na magtagumpay sa harap ng mga pagsubok. |
| *"Ibagsak ang mga imperyalista!" "Booo! Booo!"* | Ikatlong panauhan (choral, collective voice); tumatayo bilang tinig ng masa, na nagbibigay-diin sa galit at tapang ng kolektibong pagkilos. | Mapusok, galit, mapaghimagsik | Ipinapakita ng akda ang lakas ng kolektibong galit at pagkakaisa ng masa laban sa mapang-abusong kapangyarihan. Ang panawagan ng pagbagsak sa imperyalismo ay isang sigaw para sa tunay na kalayaan at pagwawakas ng dayuhang pang-aapi at pagsasamantala. | Ipinapakita ng akda ang lakas ng pagkilos ng masa laban sa mga mapang-abusong kapangyarihan. Ang sigaw ng kolektibong laban ay nagpapakita ng matinding galit at determinasyon upang wakasan ang pamumuno ng imperyalismo. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | Ang pagkakaisang ito ang nagsisilbing lakas ng mga naaapi upang baguhin ang umiiral na sistemang mapang-api. | |
| *"Nakangiti ang kanyang Tiyo Samuel…" "Magaling! Magaling!"* | Ikatlong panauhan (dramatic irony); pinapakita ang kasiyahang may bahid ng panlilinlang at pang-uuyam sa harap ng kahirapan ng nakararami. | Mapagpakitang-gilas, kontrolado, tiwala sa sarili | Ipinapakita ng akda ang kabalintunaan ng tagumpay at kapangyarihan sa gitna ng pagdurusa ng nakararami. Ang ngiti at pagpuri ni Tiyo Samuel ay sumasagisag sa kasiyahan ng mga may kapangyarihan habang pinapanood ang pagbagsak ng mga inosente. Nagbibigay ito ng matalas na komentaryo sa pagiging manhid at kasakiman ng mga nakikinabang sa sistemang mapang-api. | Ipinapakita ng akda ang kabalintunaan ng tagumpay at pagnanasa ng mga may kapangyarihan. Ang ngiti ni Tiyo Samuel ay isang pahayag ng pagiging manhid at kasakiman ng mga naghahari sa gitna ng pagdurusa ng nakararami. |

Sa pagsusuri ng mga elemento ng akdang *Ang Kamatayan ni Tiyo Samuel*, makikita ang mga sumusunod na pangkalahatang paghihinuha batay sa punto de vista, tono at damdamin, mensahe o aral, at temang nangingibabaw.

**Punto de Vista:** Ginamit ng akda ang ikatlong panauhan upang ilahad ang mga kaganapan sa buhay ni Tiyo Samuel, pati na rin ang pananaw ng mga tauhan sa kanyang pagpanaw. Sa pamamagitan ng ganitong pananaw, nakikita ng mambabasa ang pagkakaiba ng pananaw ng bawat tauhan ukol sa pagkamatay ni Tiyo Samuel. Isinasalaysay ng may-akda ang kabuuang kalagayan ng pamilya at lipunan sa oras ng pagkawala ng isang mahal sa buhay, na nagpapakita ng pagkakawalay at pagkalito sa mga natitirang tao sa akda.

**Tono at Damdamin:** Ang tono ng akda ay may halong lungkot, kalungkutan, at pagkabigla. Ang damdamin ng pagkawala, ng hindi pagkakaroon ng pagkakataon upang magbigay ng huling galak o pagkilala kay Tiyo Samuel, ay nagpapakita ng isang kalagayan ng pagkabigo at hindi pagkakaunawaan. Ang emosyon ng pagkakabasag ng pamilya sa gitna ng kamatayan ay tinalakay ng akda sa isang matinding pagnanasa na baguhin ang mga hindi pagkakaunawaan.

**Mensahe o Aral:** Ipinapahayag ng akda na ang kamatayan ay hindi lamang nagdadala ng kalungkutan kundi nagiging isang pagkakataon upang magmulat ng mga isyung hindi naiiwasan sa loob ng pamilya at komunidad. Ang kakulangan ng komunikasyon at ang mga lihim sa pagitan ng mga tauhan ay nagiging sanhi ng mas matinding sugat at alitan, na nagpapakita ng pangangailangan ng pagpapatawad at pagkakaisa. Ang akda ay nagtuturo na ang tunay na halaga ng buhay ay nakasalalay sa pagmamahal at malasakit na ipinapakita sa isa't isa bago pa man huli na.

**Temang Nangingibabaw:** Ang pangunahing tema ng akda ay ang epekto ng kamatayan sa mga relasyon ng mga tao, lalo na sa isang pamilya. Tumatampok ang mga temang tulad ng pagkakabigo, hindi pagkakaunawaan, at ang kahalagahan ng komunikasyon at pagkakasunduan sa pagitan ng mga miyembro ng pamilya. Pinapakita rin ng akda na ang kamatayan ay isang pagkakataon na magsilbing aral sa pagpapatawad at pagpapalago ng relasyon, isang mensahe ng buhay pagkatapos ng pagkawala.

## VI. KONKLUSYON

Mula sa pagsusuri ng mga piling maikling kuwento ni Abueg, lumabas na ang mga akda ng manunulat ay hindi lamang mga akdang pampanitikan, sa halip isang tapat na repleksyon ng mga isyung panlipunan sa Pilipinas. Gamit ang mga teoryang Marxismo, Realismo, at Sosyolohikal, napatunayan ng pagsusuri na ang panitikan ay isang epektibong daluyan ng pagtalakay sa mga isyung tulad ng kahirapan, urbanisasyon, paniniil ng mga makapangyarihan, patriyarkal na sistema, at ang paglabag sa kalayaan ng indibiduwal, lalo na ng kabataan.

Ang mga tauhan sa mga akdang ito ay hindi nalulugmok dahil sa sariling kahinaan, bagkus dahil sa mapang-aping sistema ng lipunan. Sila ay sumasalamin sa patuloy na pakikibaka ng mga karaniwang mamamayan na hindi pa rin nasosolusyonan hanggang sa kasalukuyan.

Sa huli, ipinapakita ng pagsusuri na ang panitikan ni Abueg ay may malaking papel sa paggising ng kamalayan ng mga mambabasa, at isang mabisang kasangkapan sa pagpapalaganap ng kritikal nap ag-iisip, kolektibong pagkilos, at pagtawag sa pagbabago ng lipunan.

## SANGGUNIAN


[1] Abueg, E. R., Mirasol, D. B., Ordoñez, R. L., Reyes, E. M., & Sikat, R. R. (2010). Mga agos sa disyerto. *C&E Publishing, Inc., 4.*

[2] Baquiran, R. P., Jr. (2010). Sa paraiso ng mga katha ni Efren R. Abueg. *Likhaan: The Journal of Contemporary Philippine Literature.* *4*(1), 131-174. https://journals.upd.edu.ph/index.php/lik/article/view/2608/2446

[3] Edora, C. A., Esteban, N., & Sandoval, A (2022). The relationship of child labor and globalization in the Philippines. *Journal of Economics, Finance and Accounting Studies, 4*(1), 222-231. https:// doi.org/10.32996/jefas.2022.4.1.14

[4] Garlitz, D., & Zompetti, J. (2023). Critical theory as post-marxism: The Frankfurt school and beyond. *Educational Philosophy and Theory*, *55*(2), 141-148. https://doi.org/10.1080/00131857.2021.1876669

[5] Hu, Y. (2024). Urbanization and its mental health implications in the Philippines. *Journal of Education and Educational Research, 8*(3), 376-380. https://doi.org/10.54097/5v9h5j41

[6] Latha, R. M., & Albert, A. (Eds.). (2024). Literature in life: Decoding the muffled voices (Vol. II). *Pacific Books International.* Retrieved from https://www.researchgate.net/profile/Anita-Gnanamuttu-2/publication/381884968_Unveiling_Trauma_and_Resilience_Stolen_Generation_Narratives_in_English_Literature/links/66839003714e0b03153b293a/Unveiling-Trauma-and-Resilience-Stolen-Generation-Narratives-in-English-Literature.pdf#page=66

[7] Manzanilla, F. E., Escultura, F. N., Buquid, M. A. T., & Cabreros, M. R. Q., (2024) Driving factors and challenges of adolescents in teenage pregnancy. *Journal of human Ecology and Sustainability. 1*(2), 2. https://doi.org/10.56237/jhes23sp04

[8] Morales, D. (2024). It’s complicated: Paggalugad sa relasyong eksramarital ng mga tauhan sa nobelang mga haliging inaanay ni Efren R. Abueg. *Makiling Review, 3*(1). 25-58. Nakuha mula sa https://ovcre.uplb.edu.ph/journals-uplb/index.php/makilingreviewjournal/article/view/1170/925

[9] Pag-aaral ng Isyung Panlipunan sa Asignaturang Filipino | PDF. (n.d.). Scribd. https://www.scribd.com/document/430833210/Pag-aaral-ng-Isyung-Panlipunan-sa-Asignaturang-Filipino

[10] Pineda Jr, F. G. (2024). Implications for teachers and students of appraising comprehension questions in literature teaching. *International Journal of Education Humanities and Social Science, 7*(2). https://doi.org.10.54922/IJEHSS.2024.0062

[11] Philippine Statistics Authority. (2024) Press Release: 2023 full year official poverty statistics. *Philippine Statistics Authority*. Nakuha mula sa https://psa.gov.ph/system/files/phdsd/Press%20Release_2023%20Full%20Year%20Poverty%20Statistics.pdf

[12] Valdez, S. J. P., Esteban, J. F., Vinluan, J. B., Ramat, G. A., & De Guzman, M. P. V. (2023). Reading as valued by Filipino secondary student: Its role in life. *International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 3*(7), 178-184. https://www.ijams-bbp.net/wp-content/uploads/2023/08/1-IJAMS-JULY-2023-178-184.pdf

[13] Villareal, H., Vigonte, F., & Abante, M. V., (2024). *Unraveling economic challenges: An in-depth analysis of issues facing the Philippine Economy. Available at SSRN 4728697.* https://papers.ssrn.com/sol3/papers.cfm?abstract_id=4728697

[14] Wikipedia contributors. (n.d.). *Efren Abueg.* Wikipedia. Retrived April 15, 2025, from https://en.wikipedia.org/wiki/Efren_Abueg

[15] Wikipedia contributors. (n.d.). *Literary realism.* Wikipedia. Retrieved April 4, 2025, from https://en.wikipedia.org/wiki/Literary_realism#:~:text=Realism%20as%20a%20movement%20in,without%20romantic%20idealization%20or%20dramatization.

[16] Wikipedia contributors. (n.d.). *Teoryang pampanitikan.* Wikipedia. Retrieved April 4, 202, from https://tl.wikipedia.org/wiki/Teoryang_pampanitikan